# Paggamit ng mga itinalagang source na ibinigay ng Diyos.

May sitwasyon sa isang nakaraang lesson tungkol kay Adry, na nagtanong, "Kung talagang may mapagmahal na Diyos, bakit Niya hahayaang magdusa ang mga tao?" Upang masanay sa paghahanap ng katotohanan mula sa mga source na itinalaga ng Diyos, mag-ukol ng ilang minuto upang makumpleto ang kahit dalawa sa mga sumusunod na aktibidad. Isulat ang natutuhan mo sa iyong study journal.

1. Mga magulang at mga lider ng Simbahan: I-text ang tanong ni Adry sa isang magulang o lider ng Simbahan, at ipaliwanag na tinatalakay mo ang tanong sa seminary at gusto mong malaman kung ano ang palagay nila tungkol dito.

2. Panalangin: Sa tahimik na personal na panalangin, hingin ang patnubay ng Panginoon at ang inspirasyon mula sa Espiritu Santo tungkol sa tanong na ito. Isulat ang mga ideya at damdaming dumarating sa iyo.

3. Mga banal na kasulatan: Maghanap ng mga talata sa banal na kasulatan na maaaring makatulong kay Adry. Halimbawa, maaari mong basahin ang tungkol sa mga tao ni Alma sa Aklat ni Mormon na nakaranas ng pagdurusa sa pisikal na pagkabihag (tingnan sa Mosias 23:21–23; 24:8–15).

4. Ang mga propeta ng Panginoon: Maghanap ng pahayag ng propeta na maaaring makatulong kay Adry. Halimbawa, basahin ang sumusunod na pahayag ni Elder Joseph B. Wirthlin (1917–2008) ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Ang pagkatutong magtiis sa mga panahon ng kabiguan, pagdurusa, at kalungkutan ay bahagi ng pagkatuto natin sa buhay. Ang mga karanasang ito, kahit madalas ay mahirap tiisin sa sandaling iyon, ang talagang mga uri ng karanasan na nagpapalawak ng ating pang-unawa, humuhubog sa ating pagkatao, at nagpapaibayo ng pagkahabag natin sa iba.
>
> Dahil labis na nagdusa si Jesucristo, nauunawaan Niya ang ating pagdurusa. Nauunawaan Niya ang ating pighati. Nararanasan natin ang mahihirap na bagay [upang] mapag-ibayo rin natin ang pagkahabag at pag-unawa sa iba. (Joseph B. Wirthlin, "Anuman ang Mangyari, Gustuhin Ito," *Liahona*, Nob. 2008, 27)

- Ano ang itinuro ng mga source na ito na gusto mong ibahagi kay Adry?

- Ano ang natutuhan mo na makagagawa ng kaibhan sa paghahanap mo ng mga sagot sa mahihirap na tanong?

ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

© 2023 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved.

PD60013873_893_042-teacher_handout-1